

Quod enim de tua glória, revelánte te, crédimus, hoc de Fílio tuo, hoc de Spíritu Sancto sine differentia discretiónis sentímus. Ut in confessióne veræ sempiternæque Deitátis, et in persónis propríetas, et in esséntia únitás, et in maiestáte adorétur æquálitás.

Quam laudant Angeli atque Archángeli, Chérubim quoque ac Séráphim: qui non cessant clamáre cotídie, una voce dicéntes: — **Sanctus, Sanctus, Sanctus Dominus Deus...**

#### ANTIPONA SA KOMUNYON • Ps 26:6

**CIRCUITO** et immolábo in tabernáculo eius hóstiam iubilatiónis: cantábo et psalmum dicam Dómino.

#### PANALANGIN MATAPOS ANG KOMUNYON

**REPLETI** sumus, Dómine, munéribus tuis: tríbue, quæsumus; ut eórum et mundémur efféctu et muniámur auxilió. Per Dóminum.

Sapagka't kung ano ang aming sinasampalatayanan sa iyong pahayag patungkol sa kaluwalhatian mo ay gayon din sa Anak at Espiritu Santo nang walang pagtatangi. Kaya sa pagsampalataya sa Dios na totoo at walang hanggan ay sinasamba namin ang pagkakaiba ng mga persona, ang kaisahan ng pagka-Dios at ang pagkakakapantay-pantay ng kamahalan.

Ito ang ipinagbubunying walang humpay ng mga Anghel at Arkanghel, gayundin ng mga Kerubin at Serapin, nang walang humpay sa kalangitan: — **Santo, Santo, Santo Panginoong Diyos ng mga hukbo...**

**PAPALIBOT** ako't maghahandog sa Kaniyang templo ng mga handog ng kagalakan. Aawit ako't maghahayag ng mga papuri sa Poong Maykapal.

**BINUSOG** mo kami ng iyong mga kaloob, Panginoon: isinasamo namin sa Iyo, pakundangan sa mga tinanggap nami'y makapagdalisay at mapalakas pang lalo sa amin. Alang-alang sa Anak Mo, si Jesucristo...

**Hermandad de Sagrada Eucaristia**  
**Latin Mass Society of Cavite**  
*Comision Para sa Pagsasalin*

## IKA-ANIM NA LINGGO MAKARAAN ANG PENTECOSTES

*Misa "Dominus fortitudo"*

• *II cl.* • *Semidoble* • *Luntian*

#### PAMBUNGAD NA ANTIPONA • Ps 27:8-9

**DOMINUS** fortitudo plebis suæ, et protéctor salutárium Christi sui est: salvum fac pópulum tuum, Dómine, et benedic hereditáti tuæ, et rege eos usque in sáculum. — *Ps 27:1* Ad te, Dómine, clamábo, Deus meus, ne síleas a me: ne quando táceas a me, et assimilábor descendéntibus in lacum. *V.* Gloria Patri. Dominus.

**ANG PANGINOO'Y** lakas ng Kaniyang bayan, at ang kaligtasan ng Kaniyang pinahiran ng langis. Iligtas Mo ang iyong bayan, Poong Mahal, at pagpalain ang Iyong pamana, at pamunuan Mo sila magpakailanman. — *Salmo 26:1* Sa Iyo, Poon ako'y tumawag: Dios ko, huwag kang magbingi-bingihan sa akin, pagka't kung hindi mo ako pakikingga'y matutulad ako sa mga patay na nasa libingan. *V.* Luwalhati sa Ama. — Ang Panginoon'y...

▪ *Aawitin ang Gloria in Excelsis Deo* (Luwalhati sa Diyos)

#### PANALANGIN SA MISA (KOLEKTA)

**DEUS** virtútum, cuius est totum quod est óptimum: însere pectóribus nostris amórem tui nóminis, et præsta in nobis religiónis augméntum; ut, quæ sunt bona, nútrias, ac pietátis stúdio, quæ sunt nutríta, custódiás. Per Dóminum.

**DIOS** na makapangyarihan, simula ng tanang mabubuting kaloob: manuot sana sa aming mga puso na mahalin ang Iyong Ngalan, upang sa higit naming pagpitagan sa Iyo, pangalagaan sana't kupkupin ang kabutihang taglay namin pakundangan sa Iyong pagsubaybay. Alang-alang sa Anak Mo, si Jesucristo...

#### SULAT • Rom 6:3-11

Pagbasa mula sa Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Roma.

**MGA KAPATID:** Tayong lahat na nabautismuhan kay Cristo Jesus ay nabautismuhan sa kanyang kamatayan. Samakatuwid, tayo'y namatay na at nalibing na kasama niya sa pamamagitan ng bautismo upang kung paanong binuhay muli si Cristo sa pamamagitan ng dakilang kapangyarihan ng Ama, tayo rin ay magkaroon ng panibagong buhay. Sapagkat kung nakasama tayo ni Cristo sa isang kamatayang katulad ng kanyang kamatayan, tiyak na tayo ay makakasama rin

niya sa muling pagkabuhay na katulad ng kanyang muling pagkabuhay. Alam natin na ang dati nating pagkatao ay naipako na sa krus kasama niya, upang mamatay ang ating makasalanang pagkatao at nang hindi na tayo maalipin pa ng kasalanan. Sapagkat ang namatay na ay pinalaya mula sa kapangyarihan ng kasalanan. Kung tayo'y namatay nang kasama ni Cristo, naniniwala tayong mabubuhay rin tayong kasama niya. Alam nating si Cristo na muling binuhay ay hindi na muling mamamatay. Wala nang kapangyarihan sa kanya ang kamatayan. Nang siya'y mamatay, namatay siya nang minsanan para sa lahat ng panahon dahil sa kasalanan; at ang buhay niya ngayon ay para sa Diyos. Kaya dapat din ninyong ituring ang inyong sarili bilang patay na sa kasalanan ngunit buháy para sa Diyos, sapagkat kayo'y nakipag-isa na kay Cristo Jesus. — **R. Salamat sa Diyos.**

**PANINGIT NA AWIT (GRADUAL) • Ps 89:13, 1; Ps 30:2-3**

**CONVERTERE,** Dómine, aliquántulum, et deprecáre super servos tuos.  
*V.* Dómine, refúgium factus es nobis, a generatióne et progénie.

**Allelúia, allelúia.** *V.* In te, Dómine, sperávi, non confúndar in ætérnum: in iustítia tua líbera me et éripe me: inclína ad me aurem tuam, accélera, ut erípias me. **Alleluia.**

**LUMINGON** ka sa amin, Poong Mahal, at kahabagan mo ang Iyong mga lingkod.

*V.* Panginoon, ikaw ang aming tanggulan sa lahat ng salí't saling lahi.

**Aleluya, aleluya!** *V.* Poon, umaasa ako sa Iyo: huwag mo akong hayaang mapahiya kailanman. Sa Iyong katarungang taglay, lingapin mo ako't palayain: ikiling Mo ang iyong pandinig sa akin, magmadali ka't iligtas mo ako. **Aleluya.**

**EBANGHELYO • Mk 8:1-9**

Ang pagpapatuloy ng Ebanghelyo ayon kay San Marcos.

**NOONG PANAHONG IYON:** Nang magkaroong muli ng napakaraming tao na walang makain, tinawag niya ang kanyang mga alagad at sinabi sa kanila, “Nahahabag ako sa maraming tao sapagkat tatlong araw ko na silang kasama at walang makain. Kung sila'y pauuwiin kong nagugutom sa kanilang mga bahay, mahihilo sila sa daan at ang iba sa kanila ay nanggaling pa sa malayo.” Sumagot ang kanyang mga alagad, “Paanong mapapakain ninuman ang mga taong ito ng tinapay dito sa ilang?” At sila'y tinanong niya, “Ilang tinapay mayroon kayo?” Sinabi nila, “Pito.” Inutusan niya ang maraming tao na umupo sa lupa. Kinuha niya ang pitong tinapay at pagkatapos magpasalamat, pinagputul-putol niya ang mga ito at ibinigay sa kanyang mga alagad upang ihain. At inihain nila ang mga ito sa maraming tao.

Mayroon din silang ilang maliliit na isda at nang mabasbasan ang mga ito, sinabi niya na ihain din ang mga ito. Sila'y kumain at nabusog. At may lumabis na mga piraso, pitong kaing na puno. Sila'y may mga apat na libo; at kanyang pinaalis na sila. — **R. Pinupuri ka namin, Panginoong Jesucristo.**

▪ *May Credo o Sumasampalataya.*

**ANTIPONA SA PAG-AALAY • Ps 16:5-7**

**PERFICE** gressus meos in sémitis tuis, ut non moveántur vestígia mea: inclína aurem tuam, et exáudi verba mea: mirífica misericórdias tuas, qui salvos facis sperántes in te, Dómine.

**PATATAGIN** mo ang aking mga yapak sa iyong landas, nang hindi ako mahulog. Ibaling mo ang iyong tainga sa akin, at pakinggan ang aking salita. Ipakita mo ang iyong kahanga-hangang kabutihan, ikaw, Panginoon, siyang Tagapagligtas ng mga umaasa sa iyo.

**PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY**

**PROPITIARE,** Dómine, supplicatióne nostris, et has pópuli tui oblatiões benígnus assúme: et, ut nullíus sit írritum votum, nullíus vácuá postulatio, præsta; ut, quod fidéliter pétimus, effícaciter consequámur. Per Dóminum.

**MAHABAGIN** mong dinggin ang aba naming pagsusumamo, Panginoon, at malugod mong tanggapin itong paghahain ng Iyong bayan: ipagkaloob Mo na walang panalangin ang 'di kayang tupdin, walang pagsusumamo ang 'di kayang lakipan ng kapupunan, upang anuman ang aming hilingin pakundangan sa aming pananalig sa Iyo'y matanggap naming lubos-lubos. Alang-alang sa Anak Mo, si Jesucristo...

**PREPASYO NG BANAL NA SANTATLO**

**VERE DIGNUM** et iustum est, æquum et salutáre, nos tibi semper et ubique grátias ágere: Dómine sancte, Pater omnipotens et æterne Deus:

**TUNAY NGANG MARAPAT** at matuwid, angkop at nakakagaling, sa lahat ng dako at sandali na magpasalamat kaming lagi sa iyo, Amang banal, Diyos na makapangyarihan at walang-hanggan.

Qui cum unigénito Fílio tuo et Spíritu Sancto unus es Deus, unus es Dóminus: non in unius singularitáte persónæ, sed in uníus Trinitáte substántiæ.

Kasama ng Anak mong Bugtong at Espiritu Santo, ikaw ay iisang Dios at at iisang Panginoon: isa sa pagka-Dios ngunit tatlo sa pagka-persona.